Ganap Kay Cristo

Liksyon 10, Unang Semestre, Pebrero 28–Marso 6, 2026

Hapon ng Sabbath, Pebrero 28

Talatang Sauluhin:

“Sinoman nga ay huwag humatol sa inyo tungkol sa pagkain, o sa paginom, o tungkol sa kapistahan, o bagong buwan o araw ng sabbath: Na isang anino ng mga bagay na magsisidating: nguni't ang katawan ay kay Cristo.” — Colosas 2:16, 17

Marami ang nag-aakala na kailangan muna nilang sumangguni sa mga komentaryo ng Biblia bago nila maunawaan ang kahulugan ng salita ng Diyos. Hindi natin sinasabing mali ang pag-aaral ng mga komentaryo; ngunit kinakailangan ang malalim na pag-unawa at maingat na pagsusuri upang makita ang tunay na katotohanan ng Diyos sa gitna ng napakaraming salita at opinyon ng tao.

Napakaliit ng nagawa ng iglesya, bilang isang samahang nagpapahayag na naniniwala sa Biblia, upang tipunin ang mga nakakalat na hiyas ng salita ng Diyos at pagsama-samahin ang mga ito upang mabuo ang isang ganap at magkakaugnay na tanikala ng katotohanan. Ang mga hiyas ng katotohanan ay hindi basta-basta nakikita o madaling mapulot, gaya ng iniisip ng marami. Ang pangunahing isipan na kumikilos sa likod ng kasamaan ay patuloy na gumagawa upang itago ang katotohanan at ilagay sa harap ng mga tao ang mga opinyon at katuruan ng mga kinikilalang tao. Ginagawa ng kaaway ang lahat ng kanyang makakaya upang palabuin ang liwanag na nagmumula sa langit sa pamamagitan ng sistema ng edukasyon, sapagkat ayaw niyang marinig ng mga tao ang tinig ng Panginoon na nagsasabing, "Ito ang daan, lakaran ninyo ito." (Isaias 30:21)

"Ang mga hiyas ng katotohanan ay nakakalat sa larangan ng kapahayagan; ngunit ang mga ito ay natabunan ng mga tradisyon ng tao, ng mga kasabihan at utos ng mga tao, at ang karunungang nagmumula sa langit ay halos hindi pinansin; sapagkat nagtagumpay si Satanas na paniwalain ang sanlibutan na ang mga salita at nagawa ng tao ang siyang may malaking halaga. Ang Panginoong Diyos, ang Maylalang ng sanlibutan, ay ibinigay ang ebanghelyo sa mundo bilang kaloob na may walang hanggang halaga. Sa pamamagitan ng banal na kaloob na ito, nabuksan ang mga bukal ng makalangit na kaaliwan at pangmatagalang pag-asa para sa mga lalapit sa bukal ng buhay. May mga ugat pa ng katotohanan na kailangan pang tuklasin; ngunit ang mga bagay na espirituwal ay mauunawaan lamang sa paraang espirituwal.

Ang mga isipan na nababalot ng kasamaan ay hindi kayang pahalagahan ang tunay na halaga ng katotohanan na matatagpuan kay Jesus. Kapag pinahihintulutan ang kasamaan sa buhay, hindi nadarama ng tao ang pangangailangan na magsikap nang may panalangin at malalim na pagninilay upang maunawaan ang mga bagay na mahalagang malaman kung nais niyang makamit ang buhay na walang hanggan.

Matagal na silang nasa ilalim ng impluwensya ng kaaway kaya't ang kanilang pagtingin sa katotohanan ay parang pagtingin sa mga bagay sa pamamagitan ng mahamog o maduming salamin —kaya ang lahat ay tila malabo at baluktot sa kanilang paningin. Mahina at hindi maaasahan ang kanilang espirituwal na pananaw, sapagkat mas pinipili nilang tingnan ang anino kaysa sa liwanag." CE 86.1

Linggo Marso 1

Ang Karunungan at Kaalaman ng Diyos

Basahin ang Mga Taga-Colosas 2:1–7 . Ano ang layunin ni Pablo sa pagsulat ng liham na ito?

“ Napapalibutan ng mga gawain at impluwensya ng paganismo, ang mga mananampalataya sa Colosas ay nanganganib na malihis mula sa kasimplehan ng ebanghelyo. Kaya sa pagbibigay ng babala sa kanila, itinuro sila ni Pablo kay Cristo bilang tanging ligtas na gabay. Isinulat niya:

“Sapagka't ibig ko na inyong maalaman kung gaano kalaki ang aking pagpipilit dahil sa inyo, at sa nangasa Laodicea, at sa lahat na hindi nakakita ng mukha ko sa laman;Upang mangaaliw ang kanilang mga puso, sa kanilang pagkakalakip sa pagibig, at sa lahat ng mga kayamanan ng lubos na katiwasayan ng pagkaunawa, upang makilala nila ang hiwaga ng Dios, sa makatuwid baga'y si Cristo, Na siyang kinatataguan ng lahat ng mga kayamanan ng karunungan at ng kaalaman.” Col 2:1-3; AA 473.1

“Ito'y sinasabi ko, upang huwag kayong madaya ng sinoman sa mga pananalitang kaakitakit. Kung paano nga na inyong tinanggap si Cristo Jesus na Panginoon, ay magsilakad kayong gayon sa kaniya, Na nangauugat at nangatatayo sa kaniya, at matibay sa inyong pananampalataya, gaya ng pagkaturo sa inyo, na sumasagana sa pagpapasalamat. Kayo'y magsipagingat, baka sa inyo'y may bumihag sa pamamagitan ng kaniyang pilosopia at walang kabuluhang pagdaraya, ayon sa sali't saling sabi ng mga tao, ayon sa mga pasimulang aral ng sanglibutan, at di ayon kay Cristo: Sapagka't sa kaniya'y nananahan ang buong kapuspusan ng pagka Dios sa kahayagan ayon sa laman, At sa kaniya kayo'y napuspus na siyang pangulo ng lahat na pamunuan at kapangyarihan.” Col 2:4-10; ’AA 473.2

Matagal nang sinabi ni Cristo na darating ang mga manlilinlang, at dahil sa kanilang impluwensya ay dadami ang kasamaan at lalamig ang pag-ibig ng marami (Mateo 24:12). Binalaan Niya ang mga alagad na mas mapanganib sa iglesya ang ganitong kasamaan kaysa sa pag-uusig mula sa mga kaaway. Paulit-ulit ding nagbabala si Pablo laban sa mga bulaang guro. Ang pinakamalaking panganib ay ang pagtanggap sa kanila, sapagkat magbubukas ito ng pintuan sa mga maling aral na magpapalabo sa espirituwal na pang-unawa at magpapahina sa pananampalataya ng mga bagong tumanggap sa ebanghelyo. Si Cristo ang pamantayan na dapat gamitin sa pagsusuri ng anumang aral. Anumang hindi naaayon sa Kanyang mga turo ay dapat tanggihan. Si Cristo na ipinako para sa kasalanan, muling nabuhay, at umakyat sa langit—ito ang agham ng kaligtasan na dapat pag-aralan at ituro. AA 473.3

Lunes, Marso 2

Nakaugat at Lumalago kay Cristo

Paanong ang mga sumusunod na talata ay nagbibigay liwanag sa paggamit ng halaman bilang simbolo ng mga mananampalataya? (Tingnan ang Isaias 61:3 , Mateo 3:10 , Lucas 8:11–15 , 1 Corinto 3:6 .)

Yaong mga pinasasaya at pinapaganda, na dinadamitan ng papuri at nagiging mga puno ng katuwiran—mga tanim ng Panginoon—ay Kanyang matagumpay na mga lingkod. Sila ang tapat at walang daya na mga Ezra at Nehemias sa ating panahon, na magpapanumbalik ng lahat ng bagay. (1TG 41:26.3)

“Ang halaga ng isang puno ay hindi nakasalalay sa pangalan nito kundi sa bunga. Kung walang kabuluhan ang bunga, hindi maililigtas ng pangalan ang puno sa pagkawasak. Ipinahayag ni Juan sa mga Judio na ang kanilang katayuan sa harap ng Diyos ay huhusgahan batay sa kanilang ugali at pamumuhay. Walang saysay ang pagpapanggap na sila’y sa Diyos kung ang kanilang buhay ay hindi naaayon sa Kanyang kautusan; kung hindi, hindi sila tunay na bayan ng Diyos.” (DA 107.1)

“‘Ang binhi ay ang salita ng Diyos.’ ‘Kung paanong pinasisibol ng lupa ang mga halaman at pinapalago ng halamanan ang itinanim dito, gayon din ang Panginoong Diyos ay magpapasibol ng katuwiran at papuri.’ (Lucas 8:11; Isaias 61:11). Tulad sa paghahasik sa lupa, gayon din sa espirituwal—ang kapangyarihang nagbibigay-buhay ay nagmumula lamang sa Diyos.” (Ed 104.5)

Si Pablo ang unang nangaral ng ebanghelyo sa Corinto at nagtatag ng iglesya roon—ang gawaing ipinagkatiwala sa kanya ng Panginoon. Nang maglaon, sa patnubay ng Diyos, may iba pang manggagawa na isinama upang tumulong sa gawain. Ang binhing naihasik ay kailangang diligan, at ito ang ginawa ni Apolos. Sinundan niya si Pablo upang magbigay ng karagdagang pagtuturo at tulungan ang mga aral na lumago. Nakuha niya ang puso ng mga tao, ngunit ang Diyos ang nagbigay ng paglago. Hindi kapangyarihan ng tao ang nagbabago ng buhay—kapangyarihan ng Diyos lamang. Ang nagtatanim at nagdidilig ay hindi ang nagpapalago; sila ay mga kasangkapan ng Diyos, nakikipagtulungan sa Kanyang gawain. Sa Panginoon lamang nabibilang ang karangalan at kaluwalhatian ng tagumpay. (AA 274.1)

Martes Marso 3

Naipako sa Krus

“ At kaniyang ibinigay kay Moises, pagkatapos na makipagsalitaan sa kaniya sa ibabaw ng bundok ng Sinai, ang dalawang tapyas ng patotoo, na mga tapyas na bato, na sinulatan ng daliri ng Dios..' [Exod 31:18.] Hindi ito maaaring mapawi kailanman; sapagkat ito ay isinulat, inukit sa bato, ng daliri ng Diyos. Hindi ito kailanman laban sa atin, dahil ipinahayag ng Diyos na dapat nating sundin ang Kanyang mga utos bilang isang walang hanggang tipan. Sa Kanyang kamatayan, binura ni Cristo ang sulat na laban sa atin, “at ito'y kaniyang inalis, na ipinako sa krus.” [Mga Taga-Colosas 2:14 .] Sa bawat seremonya at sa bawat paghahandog, ang Kanyang kamatayan ay inilarawan na noon pa man. Siya ang pundasyon ng sistemang paghahandog, na magpapatuloy hanggang sa Kanyang kamatayan, kung kailan ang anino (type) ay matutupad sa tunay na katuparan (antitype). Na inalis ang pagkakaalit sa pamamagitan ng kaniyang laman, kahit kautusan na may mga batas at ang palatuntunan; upang sa dalawa ay lalangin sa kaniyang sarili ang isang taong bago, sa ganito'y ginagawa ang kapayapaan; At upang papagkasunduin silang dalawa sa isang katawan sa Dios sa pamamagitan ng krus, na sa kaniya'y pinatay ang pagkakaalit. At siya'y naparito at ipinangaral ang kapayapaan sa inyong nalalayo, at ang kapayapaan sa nangalalapit: Sapagka't sa pamamagitan niya tayo'y may pagpasok sa isang Espiritu rin sa Ama. Kaya nga hindi na kayo mga taga ibang lupa at mga manglalakbay, kundi kayo'y mga kababayan na kasama ng mga banal, at sangbahayan ng Dios, Na mga itinatayo sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga apostol at ng mga propeta, na si Cristo Jesus din ang pangulong bato sa panulok.” [Mga Taga-Efeso 2:15-20 .]” 16LtMs, Lt 51, 1901, par. 8

Sa pangkalahatan, ang kautusan ni Moises ay may tatlong bahagi. Una, ang Ceremonial Law—ang kautusan ng templo o ang sistemang paghahandog. Ang kautusang ito ay hindi na natin dapat tuwirang sundin ngayon, maliban sa katuparan nito (antitype), sapagkat ito’y anino ng mga bagay na darating, lalo na ng unang pagparito ni Cristo. Kaya kung tayo ay nabuhay noong panahon ng Lumang Tipan at hindi sumunod sa kautusang paghahandog ng panahong iyon, ipinapakita natin ang kawalan ng pananampalataya kay Cristo na darating pa lamang. Ngunit dahil tayo ngayon ay nabubuhay na sa panahong Kristiyano, kung susundin pa natin ang mga seremonyal na paghahandog na iyon, para na rin nating ipinapakita na hindi tayo naniniwala kay Cristo na dumating na.

At yamang ang kautusang ito ay ipinako na sa krus (Colosas 2:14), hindi na natin ito kailangang sundin—at hindi na rin dapat sundin ngayon.

Ikalawa, ang kautusang sibil o pambayan ni Moises—ang batas na ginamit ng Israel upang pamahalaan ang kanilang bayan. Ito ang batas na nagsasaad kung anong parusa ang dapat ipataw ng pamahalaan sa mga nahuhuling nagnanakaw, pumapatay, at gumagawa ng iba pang kasalanan. Ngayon, bilang mga Kristiyano, wala tayong sariling pamahalaan kundi nasa ilalim tayo ng mga pamahalaan ng iba't ibang bansa. Kaya hindi tayo, bilang mga indibidwal o bilang isang grupo, inaatasang ipatupad ang sibil na kautusan ni Moises.

Ikatlo, ang natitirang bahagi na dapat nating alalahanin ay ang kautusang moral. Ito ang mga bagay na may kinalaman sa atin bilang mga indibidwal—ang mga bagay na dapat nating isagawa, ang mga bagay na nagpapasakdal ng ating pagkatao, at ang mga bagay na gumagawa sa atin bilang isang natatanging bayan. Kaya kailangan nating saliksikin at sundin ang mga nilalaman ng moral na kautusan ni Moises—"ang mga utos, ang mga palatuntunan, at ang mga kahatulan" (Deuteronomio 5:31).

Miyerkules Marso 4

Anino o Reyalidad?

Basahin ang Colosas 2:16–19 . Anong mga gawaing Judio-Kristiyano ang itinampok dito ni Pablo?

" Ang paraan ng pagpapaliwanag ng mga gurong Judio sa Kasulatan—ang walang katapusang pag-uulit nila ng mga kasabihan at kathang-isip—ang nagbunsod kay Cristo na sabihin, "Ang bayang ito'y lumalapit sa Akin sa pamamagitan ng kanilang bibig at Ako'y pinararangalan ng kanilang mga labi, ngunit ang kanilang puso ay malayo sa Akin." (Mateo 15:8) Ginagampanan nila ang kanilang mga tungkulin sa mga looban ng templo. Nag-aalay sila ng mga handog na sumasagisag sa Dakilang Hain, na para bang sinasabi sa kanilang mga seremonya, "Halina, aking Tagapagligtas." Ngunit si Cristo, na Siyang tunay na kinakatawanan ng lahat ng seremonyang iyon, ay naroon sa gitna nila—at hindi nila Siya kinilala ni tinanggap. Kaya sinabi ng Tagapagligtas, “Walang kabuluhan ang kanilang pagsamba sa Akin, sapagkat itinuturo nila bilang aral ng Diyos ang mga utos ng tao.” (Marcos 7:7)

Sa aklat ng Colosas ay mababasa natin: “Nguni't ang katawan ay kay Cristo. Sinoman ay huwag manakawan ng ganting-pala sa inyo sa pamamagitan ng kusang pagpapakababa at pagsamba sa mga anghel, na nananatili sa mga bagay na kaniyang nakita, na nagpapalalo ng walang kabuluhan sa pamamagitan ng kaniyang akalang ukol sa laman, At hindi nangangapit sa Ulo, na sa kaniya'y ang buong katawan, na inaalalayan at nakalakip sa pamamagitan ng mga kasukasuan at mga litid, ay lumalago ng paglagong mula sa Dios.” (Colosas 2:17–19) Ang ministeryo ng ebanghelyo ay dapat magpakita ng kapangyarihan at impluwensya ng krus. Ang gawain ng Diyos sa plano ng kaligtasan ay hindi magulo o walang direksiyon. Ang planong naglaan ng kapangyarihan ng krus ay naglaan din ng malinaw na paraan kung paano ito ipahahayag. Ang paraang ito ay simple sa mga pangunahing prinsipyo at malinaw at maayos sa pagkakalahad. Ang bawat bahagi ay magkakaugnay at may tamang kaayusan. 14LtMs, Lt 204, 1899, par. 7

“Sinasabi rin, ‘Sinoman ay huwag manakawan ng ganting-pala sa inyo sa pamamagitan ng kusang pagpapakababa at pagsamba sa mga anghel, na nananatili sa mga bagay na kaniyang nakita, na nagpapalalo ng walang kabuluhan sa pamama.” Sa talatang ito ay may malinaw na babala. Ang mga guro ng espiritismo ay lumalapit sa paraang kaaya-aya at mapang-akit, ngunit ang tunay nilang layunin ay manlinlang. Ang mga nakikinig sa kanilang mga kathang-isip ay madaling nadadaya ng kaaway ng katuwiran. Kapag ang isang tao ay napaamo ng ganitong impluwensya, nalalason ang kanyang isipan at unti-unting nasisira ang kanyang pananampalataya kay Cristo bilang Anak ng Diyos. Ang nabibiktima ng ganitong maling pangangatwiran ay nawawalan ng gantimpala, sapagkat natututo siyang umasa sa sarili niyang kabutihan para sa kaligtasan. Marami ang nagpapakita ng tila kusang pagpapakumbaba at handang magsakripisyo, magpakababa, at isuko ang kanilang pag-iisip upang paniwalaan kahit ang pinakamalabo at walang katuturang aral. Tinatanggap nila ang mga kakaiba at maling kaisipan mula sa mga taong inaakala nilang kanilang mga namatay na kaibigan na ngayon daw ay mga anghel sa mas mataas na kalagayan. Dahil dito, nabubulag ang kanilang paningin at nababaluktot ang kanilang paghatol, kaya hindi na nila nakikilala ang kasamaan. ST November 13, 1884, par. 2

Mga Utos ng Tao

Basahin ang Colosas 2:20–23 . Paano mo nauunawaan ang mga paala-ala ni Pablo sa liwanag ng iba mga bagay na tinatalakay sa kabanatang ito?

“ Si Jesus ang bukal ng kaalaman at tagapag-ingat ng lahat ng katotohanan. Ninais Niyang ihayag sa Kanyang mga alagad ang mga kayamanang may walang hanggang halaga upang maibahagi rin nila ang mga ito sa iba. Ngunit dahil sa kanilang kakulangan sa espirituwal na pang-unawa, hindi pa Niya maipaliwanag sa kanila ang mga hiwaga ng kaharian ng langit. Kaya sinabi Niya, ‘Marami pa Akong sasabihin sa inyo, ngunit hindi pa ninyo ito kayang tanggapin ngayon.’ Ang pag-iisip ng mga alagad ay lubhang naapektuhan ng mga tradisyon at kasabihan ng mga Pariseo, na inilalagay ang mga utos ng Diyos sa kapantay ng sarili nilang mga aral at imbensyon. Ang mga eskriba at Pariseo ay hindi nagturo ng Kasulatan sa dalisay nitong anyo. Sa halip, binigyang-kahulugan nila ang Biblia sa paraang naglalaman ng mga ideya at utos na hindi naman nagmula sa Diyos. Binigyan nila ng malabo at mahiwagang kahulugan ang mga sulat ng Lumang Tipan at pinalabo ang mga katotohanang ginawa ng walang hanggang Diyos na malinaw at simple. Ipinilit nilang ipasok ang sarili nilang mga kaisipan at ibinintang pa sa mga patriarka at propeta ang mga bagay na hindi naman nila sinabi. Sa ganitong paraan, inilibing ng mga huwad na gurong ito ang mahahalagang hiyas ng katotohanan sa ilalim ng kanilang sariling mga paliwanag at tradisyon, at tinakpan ang pinakamalinaw na mga propesiya tungkol kay Cristo....” FH 334.3

“Ang paraan ng pagpapaliwanag ng mga gurong Hudyo sa Kasulatan—ang walang katapusang pag-uulit nila ng mga kasabihan at kathang-isip—ang nag-udyok kay Cristo na sabihin: ‘Ang bayang ito ay lumalapit sa Akin sa pamamagitan ng kanilang bibig at iginagalang Ako ng kanilang mga labi, ngunit ang kanilang puso ay malayo sa Akin.’ Isinasagawa nila ang kanilang mga seremonya sa mga patyo ng templo. Nag-aalay sila ng mga handog na sumasagisag sa Dakilang Handog, at sa pamamagitan ng kanilang mga ritwal ay para bang sinasabi nila, ‘Halina, aking Tagapagligtas.’ Gayunman, si Cristo—na Siyang tunay na kinakatawan ng lahat ng seremonyang iyon—ay naroon sa gitna nila, ngunit hindi nila Siya kinilala ni tinanggap. Kaya ipinahayag ng Tagapagligtas: ‘Walang kabuluhan ang kanilang pagsamba sa Akin, sapagkat itinuturo nila bilang doktrina ang mga utos ng mga tao.’ Mateo 15:8, 9.” 6T 249.1

“Lubhang nabibigatan ang aking kaluluwa sapagkat alam ko ang mga mangyayari sa hinaharap. Lahat ng uri ng panlilinlang ay gagamitin laban sa mga taong walang araw-araw at buhay na kaugnayan sa Diyos. Sa ating gawain, hindi dapat basta isinusulong ang anumang ideya hangga’t hindi ito lubusang nasusuri, upang matiyak kung saan ito nagmula. Ang mga anghel ni Satanas ay bihasa sa paggawa ng masama. Magpapakita sila ng mga bagay na aakalain ng ilan na bagong liwanag at kahanga-hangang katotohanan. Ngunit bagama’t maaaring may bahagi itong tama, hahaluan naman ito ng mga imbensyon ng tao, at ituturo bilang doktrina ang mga utos ng mga tao. Kung mayroon mang panahon na dapat tayong magbantay at manalangin nang buong taimtim, ito ay ngayon. May mga bagay na maaaring mukhang mabuti, ngunit kailangan pa ring suriin nang mabuti at ipanalangin nang masinsinan. Ang mga ito ay tusong pakana ng kaaway upang akayin ang mga kaluluwa sa landas na napakalapit sa katotohanan—halos hindi na maiba sa landas patungo sa kabanalan at sa langit. Ngunit ang mata ng pananampalataya ay makakakita na ito ay unti-unting lumilihis mula sa tamang landas, kahit halos hindi ito mapansin sa simula. Sa una ay maaaring magmukhang tama, ngunit kalaunan makikita na malayo na pala ang inilayo nito sa landas ng kaligtasan—sa landas patungo sa kabanalan at sa langit. Mga kapatid ko, binabalaan ko kayo: ituwid ninyo ang inyong mga hakbang, upang ang mga mahihina ay hindi maligaw sa daan." TM 229.1

Biyernes Marso 6

Karagdagang Kaisipan

"Ang mga babala ng salita ng Diyos tungkol sa mga panganib na nakapaligid sa iglesiang Cristiano ay para rin sa atin ngayon. Gaya noong panahon ng mga apostol, may mga taong gumamit ng tradisyon at pilosopiya upang pahinain at sirain ang pananampalataya sa Kasulatan. Gayundin sa ating panahon, ginagamit ng kaaway ng katuwiran ang mga kaakit-akit na ideya tulad ng mas mataas na kritisismo (higher criticism), ebolusyon, espiritismo, teosopiya, at panteismo upang iligaw ang mga tao at akayin sila sa mga landas na labag sa kalooban ng Diyos.

Para sa marami, ang Biblia ay naging parang ilawang walang langis—wala itong liwanag sa kanilang buhay—sapagkat ibinaling nila ang kanilang isipan sa mga haka-haka at teoryang nagdudulot lamang ng kalituhan at maling pagkaunawa. Ang tinatawag na mas mataas na kritisismo, na patuloy na nagsusuri, naghihimay, naghihinala, at muling bumubuo ng teksto ng Biblia, ay unti-unting sumisira sa pananampalataya rito bilang banal na kapahayagan ng Diyos. Dahil dito, nawawala sa salita ng Diyos ang kapangyarihang gumabay, magbago ng buhay, at magbigay ng inspirasyon sa tao.

Sa pamamagitan naman ng espiritismo, marami ang tinuturuan na maniwala na ang sariling pagnanasa ang pinakamataas na batas, na ang kalayaan mula sa pagpipigil ay tunay na kalayaan, at na ang tao ay walang pananagutan kaninuman kundi sa kanyang sarili." AA 474.1

Para sa karagdagang pag-aaral, maaaring tumawag o makipag-ugnayan lamang po sa:

WhatsApp: (+63)961-954-0737

contact@advancedsabbathschool.org